

# Patakaran sa Pagkapribado

May bisa ang Patakaran sa Pagkapribado na ito mula [ika-05]ng Enero 2024.

Numero ng Bersyon: 2.2

Ang Patakaran sa Pagkapribado na ito ("**Patakaran**") ay nagpapaliwanag kung paano namin kinokolekta, ginagamit, at pinoproseso ang personal mong data kapag ginamit mo ang aming website <https://wise.com> ("**Website**"), our web application ("**Web App**"), mobile app ("**App**") at mga email na ipinadadala sa iyo (magkasamang tinatawag na "**Mga Serbisyo**"). Kung may anumang bagay dito ang mailalapat sa isa lang sa Mga Serbisyo namin o sa mga kostumer sa isang partikular na bansa, hayagan naming ipapaalam ito sa iyo.

**Para sa Australia, Brazil, Canada, Hong Kong, India, Indonesia, Israel, Japan, Malaysia, Mexico, Pilipinas, Singapore, South Korea, Türkiye, UAE, at USA**

Sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng iyong mga pakikipag-ugnayan sa amin, tulad ng pagsusumite ng impormasyon sa amin, o paggamit sa aming Mga Serbisyo, kinukumpirma mo na naiintindihan mo at pumapayag kang kolektahin, gamitin, isiwalat, at iproseso ang iyong personal na data (o ang personal na data ng sinumang indibiduwal na iyong ibigay) gaya ng inilarawan sa Patakaran sa Pagkapribado na ito.

## Para sa USA

Pakitandaan na ang kinokolekta naming personal na impormasyon ng mga user sa U.S. kaugnay sa solisitasyon at/o probisyon ng aming mga serbisyo sa pagbabayad ay sasailalim sa aming **Paunawa sa Pagkapribado ng Mamimili**. Kung sakaling magkasalungat o hindi pare-pareho ang Patakaran sa Pagkapribado na ito at ang aming Paunawa sa Pagkapribado ng Mamimili, ilalapat sa impormasyong iyon ang Paunawa sa Pagkapribado ng Mamimili. Ang ibang impormasyong kinokolekta namin mula sa aming mga user sa U.S. ay sasailalim sa mga probisyon ng Patakaran sa Pagkapribado na ito.

Available **dito** ang PDF ng Patakaran sa Pagkapribado na ito para mai-print.

- 1. Taga-kontrol ng Data**
- 2. Data na kinokolekta namin tungkol sa iyo**
- 3. Kung paano namin pinoprotektahan ang iyong personal na impormasyon**
- 4. Mga paraan ng paggamit ng impormasyon mo**
- 5. Pagsisiwalat ng iyong personal na data**
- 6. Belgium - Pagsisiwalat ng iyong personal na data**
- 7. Japan - pagsisiwalat ng iyong personal na data**
- 8. Pagbabahagi at pagsi-save ng iyong personal na data**
- 9. Pag-profile at automated na pagpapasya**
- 10. Mga cookie**
- 11. Pagpapanatili ng data**
- 12. Programa para sa Provider ng Serbisyo sa Pagbabayad sa Amazon**
- 13. Mga karapatan mo**
- 14. California - ang mga karapatan mo**
- 15. Iba pang hurisdiksiyon**
- 16. Mga ikatlong-partidong link**
- 17. Mga Pagbabago sa aming Patakaran sa Pagkapribado**

## 18. Kontak

### Apendise - Mga Taga-kontrol ng Data

## 1. Taga-kontrol ng Data

Ang mga Taga-kontrol ng Data sa pagkolekta, pagproseso at paggamit ng personal na impormasyon ay nakalista **sa talahanayan sa ibaba**. Kung may mga tanong ka kung paano namin pinoprotektahan o ginagamit ang iyong data, mangyaring mag-email sa amin sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com).

### Bumalik sa itaas

## 2. Data na kinokolekta namin tungkol sa iyo

Ang personal na data, o personal na impormasyon ay tumutukoy sa anumang impormasyon tungkol sa nakilala o makikilalang indibiduwal. Hindi kasama dito ang data na hindi magpapakilala sa indibiduwal. Kokolektahin namin at ipoproseso ang personal na data tungkol sa iyo ayon sa sumusunod:

### 2.1 Impormasyong ibinigay mo sa amin.

- Maaari mo kaming bigyan ng impormasyon tungkol sa sarili mo kapag nag-sign up ka para gamitin ang aming Mga Serbisyo, hal. kapag ibinigay mo sa amin ang mga personal na detalye kasama ang iyong pangalan at email address. Kasama rin dito ang impormasyong ibinigay mo sa pamamagitan ng iyong patuloy na paggamit ng aming Mga Serbisyo, ang iyong pakikilahok sa mga board ng talakayan o iba pang mga function ng social media sa aming Website o App, sa pamamagitan ng pagsali sa isang kompetisyon, promosyon o survey, at sa pamamagitan ng pag-ulat sa mga problema sa aming Mga Serbisyo. Maaaring kabilang sa karagdagang impormasyong ibinigay mo sa amin para sa mga layunin ng seguridad, pagkakakilanlan at pagpapatotoo ang iyong address, numero ng telepono, pinansiyal na impormasyon (kabilang ang impormasyon sa credit card, debit card, o bank account), dahilan ng pagbabayad, lokasyong heograpikal, numero ng social security/insurance, numero ng pambansang pagkakakilanlan, personal na paglalarawan, litrato, reference number ng buwis, katunayan ng address, katunayan ng paninirahan pasaporte at/o Pambansang ID. Kung mabigo kang ibigay ang anuman sa impormasyong ito, maapektuhan nito ang kakayahan naming ibigay ang aming Mga Serbisyo sa iyo.
  - **Para sa Brazil:** Kasama rin nito ang numero ng talaan ng Cadastro de Pessoas Físicas do Ministério da Economia – CPF/ME.
- Ang nilalaman ng mga komunikasyon mo sa amin, na kinokolekta namin sa pamamagitan ng mga recording ng tawag sa telepono, online chat, email, direktang pagmemensahe at iba pang paraan.
- Sa ilang mga kaso, kabilang ang iyong pagpapadala o pagtanggap ng mataas na halaga o napakaraming transaksyon, o kung kailangan naming sumunod sa mga regulasyon laban sa money laundering, maaari rin kaming mangailangan ng higit pang impormasyon ng pagkakakilanlan mula sa iyo, kabilang ang kopya ng iyong mga bank account statement.
- **Para sa New Zealand:**
  - Kapag humihiling kami ng higit pang impormasyon mula sa iyo para sumunod sa aming mga obligasyon laban sa money laundering, ginagawa namin ito sa ilalim ng Batas Laban sa Money Laundering at Paglaban sa Pagpopondo sa Terorismo ng 2009. Iniuutos na ibigay ang naturang impormasyon sa amin.
  - May karapatan kang humiling ng access at pagtatama sa personal na impormasyon na hawak namin tungkol sa iyo. Kung gusto mong gumawa ng kahilingan, mangyaring isumite ito nang nakasulat sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com).
- Sa pagbibigay ng personal na data ng sinumang indibiduwal maliban sa sarili mo, kabilang ang mga kaugnay na tao, kinukumpirma mo na nakakuha ka ng pahintulot mula sa mga nasabing indibiduwal para isiwalat ang kanilang personal na data sa amin o kung hindi ay may karapatan kang ibigay ang impormasyong ito sa amin. Kinukumpirma mo din na ipinaalam mo ang Patakarang ito sa sa kanila kung legal na kailangan, at natanggap ang kanilang pahintulot na kolektahin, gamitin at isiwalat namin

ang nasabing personal na data para sa mga layuning nakatakda sa Patakarang ito. Ang terminong **'konektadong tao'** ay tumutukoy sa isang indibiduwal na konektado sa Wise sa pamamagitan ng paggamit ng aming Mga Serbisyo at maaaring may hawak ng account, benepisyaryo sa pagbabayad, tatanggap sa itinalagang bayad, tagagarantiya, direktor, shareholder, mga kasosyo o mga miyembro ng pakikipagsosyo, trustee, awtorisadong tagalagda ng itinalagang account, isang kaibigan na nirekomenda mo, mga indibiduwal sa iyong listahan ng kontak o sinumang ibang tao na may makabuluhang relasyon sa Wise.

- Kapag pinagana mo ang iyong discoverability feature para sa ilan sa Mga Serbisyo namin, gagawa kami para sa iyo ng link at palayaw na maibabahagi. Maaaring kasama sa naturang link ang iyong pangalan, pangalan ng negosyo, mga detalye ng account, palayaw at, kung gugustuhin mo, ang iyong avatar o litrato.
- Pakisiguro na ang personal mong data ay ang pinakabago, kumpleto at tumpak sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong account at pag-update nito kung kailangan.

**2.2 Kinokolekta naming impormasyon tungkol sa iyo.** Kapag ginamit mo ang aming Mga Serbisyo, maaari naming kolektahin ang sumusunod na impormasyon:

- mga detalye ng mga transaksyong isinasagawa mo kapag ginagamit ang aming Mga Serbisyo, kabilang ang heyograpikong lokasyon na pinagmulan ng transaksyon;
- teknikal na impormasyon, kabilang ang internet protocol (IP) address na ginamit para ikonekta ang device mo sa internet, ang iyong impormasyon sa pag-log in, klase at bersyon ng browser, setting ng time zone, mga klase at bersyon ng browser plug-in, operating system at platform at, kung na-install mo na ang App, ang mga naka-install na aplikasyon sa iyong mobile device na may pahintulot sa malayuang pag-access;
- impormasyon tungkol sa pagbisita mo, kabilang ang mga buong Uniform Resource Locator (URL) na clickstream papunta sa, sa pamamagitan ng at mula sa aming Website o App (kabilang ang petsa at oras), mga produkto na iyong tinignan o hinanap, mga panahon ng pagtugon ng page, mga error sa pag-download, tagal ng mga pagbisita sa partikular na mga pahina, impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa page (kabilang ang mga pag-scroll, pag-click, at mouse-over), at mga paraan na ginamit para mag-browse palayo sa page at anumang numero ng teleponong ginamit para tawagan ang aming serbisyo para sa Customer Service;
- impormasyon tungkol sa mga kagustuhan mo sa pag-market at komunikasyon.

**2.3 Impormasyong natanggap namin mula sa mga ibang mapagkukunan.** Maaaring makatanggap kami ng impormasyon tungkol sa iyo kapag ginamit mo ang alinman iba pang website na pinangangasiwaan namin o iba pang serbisyong ibinibigay namin. Nakikipagtulungan din kami sa mga ikatlong partido at maaaring makatanggap ng impormasyon tungkol sa iyo mula sa kanila. Maaaring kasama rito ang:

- ang mga provider ng serbisyo sa pagbabayad na ginamit mo para magpadala ng pera sa amin ay magbibigay sa amin ng iyong personal na impormasyon, kabilang ang iyong pangalan at address, pati na ang iyong pinansiyal na impormasyon, kabilang ang mga detalye ng iyong account sa bangko;
- ang bangko na may hawak ng account na ini-link mo sa iyong Wise account para sa pagsunod sa pagpapatunay na naaayon sa batas ay maaaring ibigay sa amin ang iyong pangalan, address at pinansiyal na impormasyon, kabilang ang mga mapagkukunan ng pondo at impormasyon sa statement ng bangko;
- Kung ikaw ay isang 'konektadong tao' para sa kostumer ng Wise, ang naturang kostumer ng Wise ay maaaring magbigay ng iyong personal na impormasyon sa amin:
  - Mga benepisyaryo sa pagbabayad: pangalan, mga detalye ng account, email, at karagdagang impormasyon sa pagpapatunay kung hiniling ng tatanggap na bangko.
  - Mga direktor at mga kalaunang makikinabang na may-ari: pangalan, petsa ng kapanganakan, at bansang tinitirhan.
- maaaring ibigay sa amin ng mga kasosyo sa negosyo ang pangalan at address mo, pati na ang pinansiyal na impormasyon, kabilang ang impormasyon sa pagbabayad ng card;

- ang mga advertising network, provider ng analytics at provider ng impormasyon sa paghahanap ay maaaring magbigay sa amin ng nakaalyas na impormasyon tungkol sa iyo, kasama ang kumpirmasyon kung paano mo nahanap ang aming website;
- sa ilang hurisdiksyon, maaari naming suriin ang impormasyon na ibinigay mo sa amin gamit ang mga database ng rekord na pangpamahalaan o pangpribadong pagkakakilanlan o mga ahensiya ng sanggunian sa kredito para kumpirmahin ang pagkakakilanlan mo at malabanan ang panloloko.

## 2.4 Impormasyon mula sa mga social network.

- Kapag nag-log in ka sa aming Mga Serbisyo gamit ang iyong social network account (kasama ang Apple ID, Facebook o Google) makakatanggap kami ng makabuluhang impormasyon na kailangan para mabigyang-daan namin ang aming Mga Serbisyo na patunayan ang access mo. Bibigyan kami ng access ng social network sa partikular na impormasyong ibinigay mo sa kanila, kasama ang iyong pangalan, imahe sa profile at email address, ayon sa patakaran sa pagkapribado ng provider ng serbisyo ng social network. Ginagamit namin ang naturang impormasyon, kasama ng anumang iba pang impormasyon na direkta mong ibinigay sa amin kapag nagpaparehistro o gumagamit sa aming Mga Serbisyo, para gumawa ng iyong account at para makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa impormasyon, mga produkto at serbisyo na hiniling mo sa amin. Maaari mo ring partikular na hilingin na magkaroon kami ng access sa mga kontak sa iyong social network account.

## 2.5 Sensitibong data.

- Bilang bahagi ng aming proseso sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan, aming kinokolekta, ginagamit at isini-save ang biometric data, ito ay:
  - Kinukuha namin ang impormasyon ng pag-scan ng mukha mula sa mga larawan at video upang ihambing ang mga larawan mo sa mga dokumento ng pagkakakilanlan at sa selfie na ibinibigay mo upang patunayan ang iyong pagkakakilanlan at para sa mga pagsusuri laban sa panloloko, at upang mapabuti ang mga prosesong ito. Maaari naming hilingin sa iyo na partikular na pahintulutan ang pagkolekta, paggamit at pagsi-save ng iyong biometric data sa panahon ng pagproseso sa pagpapatunay, kung saan kinakailangan ito ng mga regulasyon sa pagkapribado sa iyong hurisdiksyon. Kapag hindi ka pumayag, mag-aalok kami ng mga alternatibong paraan para patunayan ang pagkakakilanlan mo na maaaring mas matagal. Ang parehong mga dokumento at mga larawan ay kinakailangan sa parehong mga proseso. Hindi namin isisiwalat o ipaaalam ang anumang biometric data kaninuman maliban sa aming mga provider ng pagpapatunay sa pagkakakilanlan, o mga tagapaglaan, o kapag inaatas ng mga angkop na batas at regulasyon, o alinsunod sa balidong kautusan mula sa korte. Hindi kailanman kami nagbebenta, nagpapaupa, nangangalakal o kung hindi man ay nakikinabang mula sa iyong biometric data. Pananatilihin namin ang biometric data sa loob ng kailangang para makumpleto ang proseso sa pagpapatunay ng pagkakakilanlan, at sa anumang kalagayan ay lalampas sa 1 taon makalipas ang pagkolekta, maliban kung inaatas ng batas o legal na proseso na panatilihin ito nang mas matagal pa.
    - **Para sa USA:** Tingnan ang aming [Paunawa sa Pagkapribado ng Pag-scan ng Mukha sa US](#) para sa higit pang impormasyon kung paano namin ipinoproseso ang data na ito;
  - Sinusubaybayan namin ang iyong paraan ng pag-log in at pakipag-ugnayan sa aming website o app upang mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan at suportahan ang pagtukoy sa mga pagtatangka ng panloloko at kahinahinalang pagtatangka na i-access ang iyong Wise Account;
  - Kung pahihintulutan mong i-link ang iyong account sa bangko sa iyong Wise account para sa pagsunod sa pagpapatunay na naaayon sa batas, maaari rin naming iproseso ang limitadong dami ng sensitibong data kapag isinagawa namin ang pagpapatunay sa iyong mga pinansiyal na dokumento.
- Ang hurisdiksiyon mo ay maaaring may mga patakaran na itinuturing ang ibang impormasyon bilang sensitibo ayon sa na nakalarawan sa seksiyon 2. Lahat ng sensitibong impormasyon ay sasailalim sa mga angkop na antas ng proteksyon;

- **Para sa India:** Maaari naming kolektahin ang iyong data na kaugnay sa Aadhaar, kabilang ang iyong mga demograpikong detalye para sa pagpapatunay sa iyong pagkakakilanlan na gamitin ang aming Mga Serbisyo. Kinokolekta namin ang iyong data sa Aadhaar batay sa iyong kusang-loob at may kaalamang pahintulot. Pakitandaan na ang probisyon ng iyong data na kaugnay sa Aadhaar ay kusang-loob, at maaaring piliin mong bigyan kami ng mga iba pang opisyal na balidong dokumento na inabisuhan ng mga pinansiyal na regulator tulad ng pasaporte, dokumento sa pagkakakilanlan ng botante at lisensiya sa pagmamaneho para sa mga naturang layunin. Hindi ipagkakait sa iyo ang Mga Serbisyo kung sakaling pinili mong hindi kami bigyan ng iyong data na kaugnay sa Aadhaar.

**2.6 Data ng mga bata.** Ang mga produkto at serbisyo namin ay nakatuon sa mga nasa hustong gulang, at hindi nilalayan para sa mga bata. Samakatuwid, hindi kami kumokolekta ng data mula sa mga bata. Buburahin ang anumang data na nakolekta mula sa isang bata bago natukoy ang edad nila.

### **Bumalik sa itaas**

## **3. Kung paano namin pinoprotektahan ang iyong personal na impormasyon**

**3.1 Masyado naming sineseryoso ang pangangalaga sa impormasyon mo.** Ang pagpapadala ng impormasyon sa pamamagitan ng internet ay hindi ganap na ligtas. Bagaman ginagawa namin lahat para protektahan ang iyong personal na data, hindi namin magagarantiya ang seguridad ng iyong data sa panahon ng pagpapadala, at nanganganib ka sa anumang pagpapadala. Kapag natanggap namin ang impormasyon mo, nagpapatupad kami ng mga mahihigpit na pamamaraan at mga pangseguridad na feature para matiyak na mananatili itong ligtas, kabilang ang:

- Mga komunikasyon sa Internet sa pagitan mo at ng mga sistema ng Wise ay naka-encrypt gamit ang matibay na asymmetric encryption. Ginagawa itong hindi mababasa ninoman na maaaring nakikinig;
- Ina-update at pina-patch namin ang aming mga server sa napapanahong paraan;
- Nagpapatakbo kami ng **Responsableng Pagsisiwalat** at bug bounty program para makilala ang anumang isyung pangseguridad sa mga serbisyo ng Wise;
- Patuloy na sinusubaybayan ng aming teknikal na team ng pangseguridad ang mga hindi normal at malisyosong aktibidad sa aming mga server at serbisyo;
- Kapag ang impormasyong ibinigay mo sa amin ay hindi aktibong ginagamit, naka-encrypt ito kapag hindi ito ginagamit.

Makakahanap ka ng higit pa mula sa aming **Page ng seguridad**.

**3.2** Regular kaming ino-audit para kumpirmahin na patuloy kaming sumusunod sa aming mga sertipikasyon ng seguridad, kabilang ang SOC 2 at PCI-DSS. Bilang bahagi ng mga audit na ito, ang aming seguridad at pinapapatunayan ng mga panlabas na auditor.

**3.3** Ang mga empleyado lang ng Wise na may pangnegosyong dahilan para malaman ang iyong personal na impormasyon at pagproseso ng data para sa amin ng mga ikatlong partido na provider ng serbisyo ang maaaring maka-access sa iyong personal na impormasyon. Lahat ng empleyado ng Wise na may access sa personal mong data ay inatasang sumunod sa Patakarang ito at ang lahat ng ikatlong partido na provider ng serbisyo ay hinihilingan ng Wise na tiyaking isinasagawa ang mga angkop na pag-iingat. Karagdagan pa, sinusunod ng mga ikatlong partido na provider ng serbisyo na may access sa iyong personal na data ang mga kontrata, para matiyak na nakatalaga ang antas ng seguridad at pamproteksyong pamamaraan na kailangan sa hurisdiksiyon mo, at ang iyong personal data ay pinoproseso lang ayon sa tagubilin ng Wise.

**3.4** Patuloy naming tinuturuan at sinasanay ang aming mga empleyado tungkol sa kahalagahan ng pagiging kumpidensiyal at pagkapribado ng personal na impormasyon ng kostumer. Pinananatili namin ang pisikal, teknikal at pang-organisasyong pag-iingat na sumusunod sa mga angkop na batas at mga regulasyon para protektahan ang iyong personal na impormasyon mula sa hindi awtorisadong access.

## **4. Mga paraan ng paggamit ng impormasyon mo**

**4.1 Naaayon sa batas na batayan:** Gagamitin lang namin ang iyong personal na data kapag pinahihintulutan kami ng batas. Depende sa kinaroroonan mong bansa, umaasa kami sa mga sumusunod na legal na batayan para iproseso ang iyong personal na data:

- Kapag pinahintulutan mo kaming iproseso ang data mo - pakitandaan na kapag pinoproseso namin ang iyong personal na data ayon sa pahintulot, ilalapat ang mga naaangkop na lokal na regulasyon;
- Kapag ito ay kailangan para sa aming mga lehitimong interes (o sa ikatlong partido) at hindi nasasapawan ng naturang mga interes ang iyong mga interes at pangunahing karapatan;
- Kapag mayroon kaming legal na obligasyong iproseso ang iyong personal na data para sumunod sa mga batas, regulasyon o mga kautusan ng korte;
- Kapag kailangan ito para tuparin ang mga obligasyon namin sa ilalim ng kontrata sa iyo;
- Kapag kailangan ito para protektahan ang iyong mahahalagang interes o ng iba pang indibiduwal.

**4.2 Mga layunin kung saan namin gagamitin ang iyong personal na data:** inilarawan sa ibaba ang mga pinaplano naming paraan para gamitin ang iyong personal na data, kabilang ang aming inaasahang legal na batayan para gawin ito sa UK, EU, Türkiye at Brazil (*\*kasama lang bilang naaayon sa batas na batayan sa ilalim ng LGPD*). Natukoy din namin ang aming mga lehitimong interes kung naaangkop.

- para isagawa ang aming mga obligasyon kaugnay sa kontrata mo sa amin para sa serbisyo sa probisyon ng mga pagbabayad at mga account na may maraming currency

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*  
Kailangan para tuparin ang aming mga obligasyon sa ilalim ng kontrata

- para bigyan ka ng impormasyon, mga produkto at serbisyo

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*  
Lehitimong interes (para panatilihin naka-update ang aming mga rekord, magpasya kung alin sa aming mga produkto at serbisyo ang maaaring interesado ka, para masabi sa iyo ang tungkol sa mga ito at ihatid ito sa iyo)

Kapag pinahintulutan mo kaming iproseso ang iyong personal na data sa partikular na paraan

- upang sumunod sa anumang naaangkop na legal at/o kinakailangang regulasyon, kabilang ang pagtugon sa mga kahilingan ng publiko at awtoridad ng gobyerno, kabilang ang mga publiko at awtoridad ng gobyerno sa labas ng iyong bansang tinitirhan, sa pagpapakita ng legal na awtoridad, at upang sumunod sa mga utos ng korte mula sa nauugnay na hurisdiksiyon.

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*  
Legal na obligasyon

Kailangan para tuparin ang aming mga obligasyon sa ilalim ng kontrata

Lehitimong interes (para maging mabisa sa pagtugon sa aming mga legal na obligasyon at para sumunod sa mga regulasyon na mailalapat sa amin)

Proteksyon sa kredito, kabilang ang mga probisyon ng makabuluhang lehislyasyon\*

Ang regular na pagsasagawa sa mga karapatang hudisyal, administratibo, o sa mga arbitral na pagding\*

- para maiwasan at matukoy ang mga krimen, kabilang ang panloloko at pinansiyal na krimen

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*  
Legal na obligasyon

Lehitimong interes (para matukoy at maiwasan ang kriminal na aktibidad kaugnay sa aming Mga Serbisyo at mapabuti ang aming pamamahala sa mga pangyayari ng pinaghihinalaang pinansiyal na

krimen)

Proteksyon sa kredito, kabilang ang mga probisyon ng makabuluhang lehislasyon\*

- para abisuhan ka tungkol sa mga pagbabago sa aming Mga Serbisyo at padalhan ka ng iba pang administratibong impormasyon

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Legal na obligasyon

Lehitimong interes (para bigyan ka ng mabuting serbisyo para sa kostumer at patuloy kang i-update sa mga bagong kaunlaran)

Kailangan para tuparin ang aming mga obligasyon sa ilalim ng kontrata

- bilang bahagi ng aming mga pagsusumikap na panatiliing ligtas ang aming Mga Serbisyo

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Legal na obligasyon

Lehitimong interes (pagbibigay proteksyon sa aming mga kostumer at aming sarili mula sa pagkalugi o pinsala)

Kailangan para tuparin ang aming mga obligasyon sa ilalim ng kontrata

- para pangasiwaan ang aming Mga Serbisyo at para sa mga panloob na operasyon, pagpapalano, pag-audit, pag-troubleshoot, pagsusuri ng data, pagsusuri, pananaliksik, istatistiko at pang-survey na layunin

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para panatiliing naka-update ang aming mga rekord, mabisang tuparin ang aming mga legal at naaayon sa kontratang tungkulin, isagawa ang aming mga administratibong operasyon, at gumawa ng bago at kasalukuyang mga produkto at serbisyo)

- upang magsagawa ng pagpapaunlad sa sistema o produkto, kabilang ang pagtulong sa mga ikatlong partido na supplier na pagbutihin ang mga serbisyong ibinibigay nila sa amin, upang mapabuti ang aming Mga Serbisyo at upang matiyak na ang mga ito ay ipinakita sa pinakamabisang paraan

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para gumawa ng mga kasalukuyan at bagong produkto at serbisyo at para mabisang matugunan ang aming mga legal at naaayon sa kontratang obligasyon)

- para pahintulutan ang ibang kostumer ng Wise para humiling o magpadala ng pera sa iyo sa pamamagitan ng aming mga serbisyo kapag nagbibigay ng impormasyon na tugma sa iyong numero ng telepono o email address

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para magbigay ng mabisang at makabagong serbisyo sa aming mga kostumer)

Kailangan para tuparin ang aming mga obligasyon sa ilalim ng kontrata

- para sukatin o maunawaan ang bisa ng advertising na ibinibigay namin at para ihatid ang makabuluhang advertising sa iyo

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para i-market ang aming mga produkto at serbisyo sa pinakamabisang paraan)

Kapag pinahintulutan mo kaming iproseso ang iyong personal na data sa partikular na paraan.

- para pahintulutan kang lumahok sa mga interactive na feature ng aming Mga Serbisyo, kapag pinili mong gawin ito

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para magbigay ng mabisang at makabagong serbisyo sa aming mga kostumer)

Kapag pinahintulutan mo kaming iproseso ang iyong personal na data sa partikular na paraan.

- para gamitin ang iyong email address para bigyan ka ng impormasyon tungkol sa iba pang katulad na paninda at serbisyong iniaalok namin

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para i-market ang aming mga produkto at serbisyo)

Kapag pinahintulutan mo kaming iproseso ang iyong personal na data sa partikular na paraan

- para bigyan ka, o pahintulutan ang mga piling ikatlong partido na bigyan ka, ng impormasyon tungkol sa mga paninda o serbisyo na sa palagay namin ay maaaring interesado ka.

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Kapag pinahintulutan mo kaming iproseso ang iyong personal na data sa partikular na paraan.

- para magsagawa ng mga hakbang upang mabawi ang mga nautang na halaga sa amin, kabilang ang mga claim sa insurance, at payagan kaming ipagpatuloy ang available na mga solusyon o limitahan ang mga pinsalang maaaring natamo namin

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para protektahan ang aming mga ari-arian)

Proteksyon sa kredito, kabilang ang mga probisyon ng makabuluhang lehislyasyon\*

- para pahintulutan ang ikatlong partido o pinansiyal na institusyon na nagpadala ng pera upang mabawi ang perang natanggap mo dahil sa pagkakamali o panloloko

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Legal na obligasyon

Lehitimong interes (para pahintulutan ang mga ikatlong partido na mabawi ang mga pondo)

- upang beripikahin ang impormasyong ibinigay mo sa amin at para ipatupad sa iyo ang aming Kasunduan sa Kostumer

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Lehitimong interes (para protektahan ang aming mga ari-arian)

- Sa mga bihirang kalagayan, para tumulong na pangalagaan ang aming mga kostumer, empleyado o iba pang indibiduwal sa pamamagitan ng pag-aabiso sa mga serbisyong pang-emergency

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Mahalagang interes

- **Para sa UK:** para isagawa ang aming mga obligasyon kaugnay sa kontrata mo sa amin sa pagbibigay ng Mga Serbisyo sa Pagbubuo ng Kompanya

*Naaayon sa batas na batayan para sa pagproseso, kabilang ang batayan sa lehitimong interes:*

Kailangan para tuparin ang aming mga obligasyon sa ilalim ng kontrata

## **Bumalik sa itaas**

### **5. Pagsisiwalat ng iyong personal na data**

#### **5.1 Maaari naming ibahagi ang iyong personal na data sa mga sumusunod na ikatlong partido:**

- kasapi, mga kasosyo sa negosyo, mga supplier at subcontractor para sa pagsasagawa at pagpapatupad ng aming mga kontrata sa kanila o sa iyo at para tulungan silang mapabuti ang mga serbisyong ibinibigay nila sa amin;
- mga advertiser at advertising network para pumili at magsilbing mga makabuluhang advert sa iyo at sa iba pa;



- analytics at mga search engine provider na tumutulong sa amin sa pagpapabuti at pag-optimize ng aming site;
- aming mga entidad ng grupo at mga subsidiyaryo, na makikita sa pamamagitan ng pag-click **dito**;
- kung sakaling ibenta namin ang alinman sa aming negosyo o ari-arian o pagsamahin sa ibang organisasyon, alinman ang mangyari, maaari naming ibunyag ang iyong personal na data sa inaasahang mamimili ng naturang negosyo o ari-arian o inaasahang organisasyon kung saan maaaring pagsamahin ang aming negosyo o ari-arian;
- ipapadala ang limitadong impormasyon sa iyong mga benepisyaryo sa pagbabayad kapag sinimulan mo ang transaksyon sa pagbabayad;
- kung tungkulin naming ibunyag o ibahagi ang iyong personal na data upang masunod ang anumang legal na obligasyon, o upang ipatupad o ilapat ang aming Kasunduan sa Kostumer at iba pang naaangkop na mga kasunduan, o upang protektahan ang mga karapatan, ari-arian, o kaligtasan ng Wise, aming mga kostumer, empleyado o iba pa;
- upang maiwasan at matukoy ang panloloko o krimen at tulongan kami sa pagsasagawa o pakikipagtulungan sa mga imbestigasyon ng panloloko o iba pang ilegal na aktibidad kung saan naniniwala kaming makatwiran at naaangkop na gawin ito. Pakitandaan na kung matukoy namin, o ng isang ahensiya sa pag-iwas sa panloloko, na may panganib sa pandaraya o money laundering, maaari kaming tumanggi na ibigay ang mga hinihiling na serbisyo o maaari naming ihinto ang pagbibigay ng mga umiiral nang produkto at serbisyo sa isang kostumer. Ang isang rekord ng anumang panganib sa pandaraya o money laundering ay pananatilihin ng mga ahensiya sa pagiwas sa panloloko, at maaaring magresulta sa pagtanggap ng iba na magbigay ng mga serbisyo;
- bilang tugon sa isang subpoena, warrant, utos ng korte, kahilingan ng pulisya na wastong binuo o kung hindi man ay hinihiling ng batas;
- para matasa ang mga panganib sa pinansiyal at insurance;
- para mabawi ang utang o kaugnay sa iyong kawalan ng pambayad o para pahintulutan ang ikatlong partido o pinansiyal na institusyon na magpadala ng pera para mabawi ang perang natanggap mo dahil sa pagkakamali o panloloko;
- para makabuo ng mga relasyon, serbisyo at sistema para sa kostumer; at
- kapag pinahintulutan mo, para ibahagi ang mga detalye mo kapag ginagamit ang aming Mga Serbisyo

**5.2** Kung naka-enable ang iyong discoverability feature, mahahanap ka ng mga kostumer ng Wise sa gamit ang iyong palayaw, o email address o numero ng telepono na nakarehistro sa iyong Wise account. Mapamamahalaan mo ang discoverability feature na ito ito sa setting ng account mo. Makakagawa ka rin ng link na maibabahagi sa sinumang user para mas madaling makapagpadala at makatanggap ng pera.

**5.3** Kung gusto mo ng higit pang impormasyon tungkol sa kung kanino namin ibinahagi ang data mo, o para mabigyan ng listahan na partikular sa iyo, mahihiling mo ito sa pamamagitan ng pagsulat sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com).

### **Bumalik sa itaas**

## **6. EEL (Ekonomiya ng Europe na Lugar) - Pagsisiwalat ng iyong personal na data**

Kung isa kang residente ng EEL na may balanse sa amin (Account na May Maraming Currency), legal na obligado kaming isiwalat ang sumusunod na personal na data sa Central Point of Contact ng National Bank of Belgium ("CPC")

### **Sa patuloy na batayan:**

- Belgian na account ng bangko at pagbabayad at mga power of attorney sa mga account na ito. Para sa bawat account, ang numero ng account, ang kapasidad ng kostumer (may hawak ng account o may hawak ng proxy) at ang petsa ng pagsisimula o pagtatapos ng account ay dapat iulat;
- ang pagkakaroon ng ilang pinansiyal na kontrata na tinapos sa Belgium: petsa ng pagsisimula o pagtatapos ng pangkontratang relasyon sa kostumer at klase ng kontrata;

- ang pagkakaroon ng ilang partikular na pinansiyal na transaksyon na kaugnay ang cash: ang uri ng transaksyon, ang kapasidad ng kostumer (ang kostumer mismo o kanyang awtorisadong kinatawan) at petsa ng transaksyon.

### **Pana-panahon:**

- ang halagang natitira sa kredito ng mga makabuluhang cash account sa Hunyo 30, at Disyembre 31, ng bawat taon ng kalendaryo;
- ang “pinagsamang halaga” ng nasabing mga puhunang serbisyong kontrata, hal., ang halaga ng mga ari-arian sa ilalim ng aming kostudiya at ang mga pananagutan natin sa mga kliyente sa ilalim ng mga kontratang iyon sa Hunyo 30, at Disyembre 31, ng bawat taon ng kalendaryo.

Para pahintulutan ang pagkakakilanlan ng mga taong nasa likod ng mga account na ito, mga pinansiyal na kontrata at mga transaksyong kaugnay ang cash, dapat din nating iulat ang sumusunod na impormasyon:

- para sa mga natural na tao: Numero ng Pambansang Rehistro (o numero ng BIS) o, kapag nabigo diyari, pangalan at unang pangalan, petsa ng kapanganakan, lugar ng kapanganakan (opsyonal) at bansa ng kapanganakan;
- para sa mga legal na tao: ang numero kung saan sila nakarehistro sa Crossroads Bank for Enterprises o, kung nabigo doon, ang buong pangalan, legal na anyo, kung mayroon man, at bansa ng pagtataguyod.

Ang data na ito ay inirekord ng CPC at pananatilihin sa 10 taong panahon. Nagpapanatili ang CPC ng listahan ng mga kahilingan sa impormasyon na natatanggap nito sa limang taon.

Sa ilalim ng mahihigpit na kalagayan, maaaring isiwalat ng CPC ang data na ito sa mga awtoridad ng buwis ng Belgium at iba pang awtoridad at mga tao na may legal na karapatang humiling ng impormasyon mula sa CPC. Maaaring gamitin ang data sa konteksto ng (i) mga tanong na kaugnay ng buwis, (ii) ang imbestigasyon ng mga kriminal na paglabag, (iii) ang paglaban sa money laundering, pagpopondo sa terorista at mga seryosong kriminal na paglabag, at (iv) para sa anumang ibang layuning awtorisado sa ilalim ng batas ng Belgium.

May karapatan kang konsultahin ang data na kaugnay ng pangalan mo ng CPC sa National Bank of Belgium (Boulevard de Berlaimont 14, 1000 Brussels). May karapatan ka ring magtanong, mas mabuting sa pamamagitan namin, para sa anumang hindi tumpak na data na naitala ng CPC at nakaugnay sa pangalan mo na itatama o buburahin. Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagbisita sa [website ng NBB](#) at sumunod sa nakasaad na proseso.

### **Bumalik sa itaas**

## **7. Japan - pagsisiwalat ng iyong personal na data**

Sa seksyon 7, ang ibig sabihin ng, ‘kami’ o ‘namin’ ay ang Wise Payments Japan K.K.

Hindi namin isinisiwalat ang personal mong data sa sinumang mga ikatlong partido, maliban kung pinahintulutan mo o ng angkop na batas.

Maaari naming ipagkatiwala ang iyong personal na data sa mga ikatlong partidong na provider ng serbisyo, sa alinmang kalagayan, magsasagawa kami ng kontrata sa serbisyo sa mga naturang ikatlong partido at pamahalaan sila para maseguro ang iyong personal na data.

Magkasama naming gagamitin ang iyong personal na data na inilarawan sa Seksiyon 2 ng Patakaran sa Pagkapribado sa Wise Payments Limited (nakarehistro sa England at Wales (numero ng kompanya 07209813) na ang nakarehistro nitong opisina sa TEA Building 56 Shoreditch High Street London E16JJ), isang tagapagbigay ng mga serbisyo sa pagbabayad na nakarehistro bilang negosyo sa mga serbisyo ng pera ng Her Majesty's Revenue and Customs (HMRC) at sa ilalim ng superbisyon ng United Kingdom Financial Conduct Authority (FCA), para sa mga layuning nakalarawan sa Seksiyon 4 ng aming Patakaran

sa Pagkapribado. Ang responsableng partido para sa pinagsamang paggamit na ito ay ang Wise Payment Japan K.K., na may mga punong-tanggapan sa 2-13-12, Nihonbashi, Chuo-ku, Tokyo, 103-0027. Pakikontak kami sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com) para sa mga detalye ng kinatawang direktor.

### **Bumalik sa itaas**

## **8. Pagbabahagi at pagsi-save ng iyong personal na data**

**8.1** Bagaman ang mga pangunahin naming mga sentro ng pagproseso ay nasa UK at EU, maaari naming ipadala ang iyong data sa at i-save ito sa mga bansa sa labas ng iyong hurisdiksiyon, na hindi naghahandog ng katumbas na antas ng proteksyon sa bansa mo. Maaari rin itong iproseso ng kawaning nagpapatakbo sa labas ng iyong hurisdiksiyon. Ang nasabing kawani ay maaaring nauugnay sa mga aktibidad na kasama ang pagtupad sa utos mo sa pagbabayad, ang pagproseso ng mga detalye mo sa pagbabayad at probisyon ng mga pangsuportang serbisyo. Gagawin namin ang lahat ng hakbang na makatwirang kailangan para matiyak na ang data mo ay ligtas na tinatrato at naaayon sa Patakarang ito.

**8.2** Sa mga kalagayan sa itaas, tinitiyak namin na ang mga angkop na pag-iingat, kabilang ang pagtatalaga ng Mga Pamantayang Sugnay sa Kontrata at/o Mga Kasunduan sa Internasyonal na Pagpapadala ng Data. Ang kopya ng mga dokumentong ito ay maibibigay sa pamamagitan ng pagpapadala ng kahilingan sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com).

**8.3** Sa Switzerland, tinitiyak namin na ipinapatupad ang naturang mga pag-iingat maliban kung maaasahan namin ang eksepsiyon. Maaaring mailapat ang eksepsiyon, halimbawa, sa kalagayan ng mga legal na pagdinig sa ibang bansa, pero pati na rin sa mga kalagayan kung saan nananaig ang pampublikong interes o kung ang pagganap ng kontrata ay nangangailangan ng pagsisiwalat, kung pinapahintulutan mo ito o kung sa pangkalahatan ay available ang data sa iyo at hindi ka tumanggi sa pagproseso.

### **Back to top**

## **9. Pag-profile at automated na pagpapasya**

**9.1** Maaari naming gamitin ang ilang elemento ng data mo para i-customise ang aming Mga Serbisyo at impormasyong ibibigay namin sa iyo, at para matugunan ang mga pangangailangan mo, kabilang ang iyong bansang tinitirhan at kasaysayan ng transaksyon. Halimbawa, kung madalas kang nagpapadala ng mga pondo mula sa isang partikular na currency papunta sa iba, maaari naming gamitin ang impormasyong ito para abisuhan ka sa mga bagong update sa produkto o mga tampok na maaaring kapakipakinabang sa iyo. Kapag ginawa natin ito, gagawin natin ang lahat ng kailangang pamamaraan para matiyak na naprotektahan ang iyong pagkapribado at seguridad - at gumagamit tayo ng nakaalyas na data kung naaangkop. Ang aktibidad na ito ay walang legal na epekto sa iyo.

**9.2** Gumagamit kami ng mga automated na prosesos para masuri kung natugunan ng iyong aplikasyon sa pag- sa mga serbisyo ng Wise at paggamit sa mga serbisyo ng Wise ang aming mga pamantayan, kabilang ang pagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan, at para tulungang maiwasan ang panloloko o iba pang ilegal na aktibidad. Ang mga prosesong ito ay maaaring gumawa ng automated na desisyon para tanggihan ang aplikasyon mo o ang panukalang transaksyon, para harangan ang nakahihinalang pangtangkang mag-log in sa iyong Wise account, o isara ang iyong account. Kapag nangyari ito, aabisuhan ka at aalokan ng pagkakataong magbigay ng higit pang impormasyon at kuwestiyonin ang desisyon sa pamamagitan ng mekanismo ng apela, na kinabibilangan ng manu-manong pagrepaso. Sa anumang kalagayan, kung sa palagay mo ay maaaring naapektuhan ka ng automated na prosesos, mangyaring kontakin ang Customer Support ng Wise.

### **Bumalik sa itaas**

## **10. Mga cookie**

Gumagamit kami ng maliliit na file na kilala bilang mga cookie para matukoy ka mula sa iba pang gumagamit at makita kung paano mo ginagamit ang aming site at mga produkto habang binibigyan ka ng pinakamahusay na karanasan. Pinahihintulutan din kami nitong mapabuti ang aming mga serbisyo. Para sa detalyadong impormasyon sa mga cookie at iba pang teknolohiya na ginagamit namin, at mga layunin kung saan naming ginagamit ang mga ito, tingnan ang amingr [Patakaran sa Cookie](#).

## [Bumalik sa itaas](#)

### **11. Pagpapanatili ng data**

**11.1** Pananatiliin lang namin ang iyong personal na data sa loob ng kinakailangang panahon para punan ang mga layunin kung bakit namin ito kinolekta. Bilang isang kontroladong pinansiyal na institusyon, inaatasan ng batas ang Wise na i-save ang ilan sa iyong personal at transaksiyonal na data nang mas matagal kaysa sa pagsasara ng iyong account sa amin. Panloob naming ina-access ang iyong data kung kailangan namin itong malaman, at ia-access lang namin o ipoproseso ito kung talagang kailangan.

**11.2** Lagi naming binubura ang data na hindi na kailangang i-save ayon sa batas o hurisdiksiyon na aming pinangangasiwaan. Awtomatiko namin itong gagawin, kaya hindi mo kaming kailangang kontakin para ipabura sa amin ang data mo. Kasama sa mga paraan ng pagbubura ang pag-shred, pagsira at ligtas na pagtapon sa hardware at mga hard-copy na rekord, at pagbura o pagsasapaw sa digital na data.

#### **11.3 Matuto ng higit pa tungkol sa mga panahon ng pagpapanatili para sa iyong data.**

## [Bumalik sa itaas](#)

### **12. Programa para sa Provider ng Serbisyo sa Pagbabayad sa Amazon**

**12.1** Lumalahok ang Wise sa [Programa para sa Provider ng Serbisyo sa Pagbabayad sa Amazon](#) (ang “Programa”). Kung ang mga detalye ng iyong Wise account ay inilagay o nailagay sa Amazon Seller Central, maaaring hilingin sa amin ng Amazon na padalhan sila ng mga detalye tungkol sa iyo, iyong mga account, pagbabayad mula sa mga account na iyon mula Enero 1, 2015, at panlabas na account na nakaugnay sa iyong Wise account. Lahat ng provider ng serbisyo sa pagbabayad na lumalahok sa Programa ay magbibigay ng parehong impormasyon sa Amazon.

**12.2** Ang mga layunin at interes ng pagproseso ay i) inaatas ng Amazon para matulungan silang maiwasan at matukoy ang krimen at ipatupad ang mga pamantayan ng pag-uugali na inaatas ng Amazon at ii) tulungan ang Wise na maiwasan at matukoy ang krimen.

**12.3** Sa UK, EEA, Indonesia, Türkiye, at Brazil, ang naaayon sa batas na batayan sa pagproseso ay mga lehitimong interes. Ang mga interes at layunin sa pagproseso ay ayon sa inilarawan sa seksiyon 12.2.

**12.4** Sa mga hurisdiksiyon sa labas ng UK, EEA, Indonesia, Türkiye at Brazil, pinahihintulutan mo ang pagbabahagi sa data na ito sa pagpapatuloy na gamitin ang iyong Wise account.

**12.5** Kung ayaw mong ibigay ng Wise ang impormasyon sa itaas sa Amazon, hindi mo dapat ibigay ang mga detalye ng iyong Wise account sa Amazon at hindi mo magagamit ang iyong Wise account na makatanggap ng pera mula sa iyong Amazon storefront.

**12.6** Ang programang ito ay hindi mailalapat sa mga kostumer ng Wise na bumibili lang ng mga produkto mula sa Amazon at hindi nagbebenta ng mga produkto sa Amazon.

## [Bumalik sa itaas](#)

### **13. Mga karapatan mo**

**13.1** Ang mga batas na mailalapat sa hurisdiksiyon mo ay maaaring magbigay sa iyo ng ilang karapatan tungkol sa impormasyong hawak namin tungkol sa iyo. Kung mayroon kang mga tanong kaugnay sa

paggamit namin sa iyong personal na impormasyon, kontakin kami sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com).

**13.2** Ang pagsasagawa mo sa mga karapatang ito ay maaaring sumailalim sa ilang mga iksemsiyon, kabilang ang pangangalaga sa pampublikong interes (kabilang ang prebensiyon o pagtuklas sa krimen), kung saan ito ay nasa aming mga interes (kabilang ang pagmementina ng legal na pribilehiyo), at kung saan nasasangkot ang mga karapatan ng ibang tao (kabilang kung ang kahilingan mo ay kaugnay sa impormasyon tungkol sa ibang indibiduwal).

**13.3** Maaaring kailangan naming panatilihin ang partikular na impormasyon para mai-save ang mga rekord at para sumunod sa aming mga obligasyon sa ilalim ng mga angkop na batas at regulasyon, kabilang ang pero hindi limitado sa aming mga obligasyon laban sa money laundering, at/o para makumpleto ang anumang transaksyong sinimulan mo bago humiling ng pagbabago o pagbubura.

**13.4** Karaniwang hindi ka magbabayad para ma-access ang iyong personal na data o para isagawa ang iba pang karapatan. Gayunpaman, maaari kaming sumingil ng makatwirang bayarin kapag pinahihintulutan ng mga lokal na batas o kung ang kahilingan mo ay malinaw na walang batayan, paulit-ulit o sobra-sobra. Bilang kahalili, maaari kaming tumanggap sumunod sa kahilingan mo sa mga pagkakataong ito.

**13.5** Maaaring kailangan naming humiling ng partikular na impormasyon mula sa iyo para tulungan kaming kumpirmahin iyong pagkakakilanlan at karapatan na i-access ang iyong personal na data o maisagawa ang iyong iba pang karapatan. Ito ay isang pangsiguridad na pamamaraan para matiyak na hindi maisiwalat ang iyong personal na data sa sinuman na walang karapatang matanggap ito. Maaari ka rin naming kontakin para sa higit na impormasyon kaugnay ng kahilingan mong mapabilis ang aming tugon.

**13.6** Kung hindi mo na nais makatanggap ng mga email na kaugnay ng marketing mula sa amin, maaari kang mag-opt out sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa alinman sa mga naturang email. Susubukan naming sumunod sa kahilingan mo sa sandaling makatwiran nang gawin ito. Pakitandaan na kapag nag-opt out ka, maaari ka pa rin naming padalhan ng mga mahalagang administratibong mensahe, na hindi ka maaaring makapag-opt out.

**13.7** Kung gusto mong humiling, ang pinakamahasag na paraan para magawa ito ay ang pagkontak sa amin sa mga detalye ng pagkontak na nakalista sa Apendise.

**13.8 Sasailalim sa ilang mga partikular sa bansa na pagbabago, may karapatan ka na:**

- **Humiling ng kopya ng personal na data na hawak namin tungkol sa iyo at suriin na naaayon sa batas namin itong pinoproseso.**
- **Humiling ng pagtatama ng personal na data na hawak namin tungkol sa iyo.** Maaari naming kailanganing patunayan ang pagkatumpak ng bagong data na ibibigay mo sa amin;
- **Hilingin sa aming burahin ang personal na data kapag walang mabuting dahilan para patuloy naming iproseso ito.** Maaari ring may karapatan kang hilingin sa amin na burahin ang iyong personal na data kung (i) matagumpay mong naisagawa ang iyong karapatang tumutol sa pagproseso (tingnan sa ibaba), (ii) maaaring naproseso namin ang iyong personal na data nang labag sa batas o (iii) kinakailangan naming burahin ang iyong personal na data upang sundin ang lokal na batas. Maaaring hindi namin palaging masusunod ang iyong kahilingan na burahin dahil sa partikular na legal na kadahilanan na iaabiso sa iyo, kung naaangkop, sa aming tugon sa iyong kahilingan, kabilang ang mga pinansyal na regulasyon na maaaring atasan kaming pangasiwaan ang iyong personal na data sa loob ng isang yugto matapos ang pagsasara ng iyong account.
- **Bawiin ang pahintulot mong iproseso ang data, kung saan nakabatay sa naturang pahintulot ang pagproseso sa pahintulot na iyon.** Tandaan na ang pagbawi mo ng pahintulot ay hindi nakakaapekto sa pagiging naaayon sa batas ng pagproseso na maaaring nangyari bago ang pagbawi ng pahintulot. Kapag binawi mo ang pahintulot mo, maaaring hindi ka namin mabigyan ng ilang mga produkto o serbisyo sa iyo;
- **Hilingin sa amin na ihinto ang direct marketing sa iyo, o pag-profile sa iyo para sa layunin ng direct marketing,** sa pagkontak sa amin o pag-ayos ng iyong mga kagustuhan sa notipikasyon sa seksiyon

ng mga setting ng iyong account.

- **Kapag ginagamit namin ang ganap na automated na mga proseso sa paggawa ng desisyon, hilingin na magbigay kami ng impormasyon tungkol sa pamamaraan ng paggawa ng desisyon at hilingin sa amin na patotohanan na ang isang automated na desisyon na nagreresulta sa isang legal na epekto sa iyo ay nagawa nang tama.** Maaari naming tanggihan ang kahilingan, gaya ng pinahihintulutan ng naaangkop na batas, kabilang na kung ang pagbibigay ng impormasyon ay nagreresulta sa pagsisiwalat ng isang lihim ng kalakalan o makagambala sa pag-iwas o pagtuklas ng panloloko o iba pang krimen. Gayunpaman, sa pangkalahatan sa mga sitwasyong ito, patotohanan namin na gumagana ang algorithm at pinagmulang data tulad ng inaasahan nang walang error o pagkiling o kung kinakailangan ng batas na ayusin ang pagproseso.
- **Tutulan ang anumang pagpoproseso batay sa mga lehitimong interes na pinagbabatayan kapag mayroong isang bagay tungkol sa iyong partikular na sitwasyon kung saan sa tingin mo ang pagproseso sa lugar na ito ay nakakaapekto sa iyong mga pangunahing karapatan at kalayaan.**
- **Hilingin sa amin na suspindihin ang pagproseso ng iyong personal na data sa mga sumusunod na sitwasyon:** (i) kung gusto mong matukoy namin ang katumpakan ng data; (ii) kapag ang aming pagproseso ng data ay labag sa batas ngunit hindi mo nais na tanggalin namin ito sa ngayon; (iii) kapag nais mong panatilihin namin ang data kahit na hindi na namin ito kailangan dahil kailangan mo ito upang magtatag, magsagawa o magdependa ng mga legal na paghahabol; o (iv) tinutulan mo kami sa paggamit ng iyong data ngunit kailangan naming kumpirmahin kung mayroon o wala kaming labis na mga lehitimong dahilan upang ipagpatuloy ang paggamit nito.
- **Hilingin ang paglipat ng iyong personal na data sa ikatlong partido o sa sarili mo.** Magbibigay kami sa iyo o sa napili mong ikatlong partido ng personal na data na ibinigay mo sa amin sa isang structured, karaniwang ginagamit, na anyong mababasa ng makina. Ang karapatang ito ay nalalapat lamang sa impormasyon kung saan ginamit namin ang impormasyon upang magsagawa ng kontrata sa iyo o kung saan una kang pumayag na gamitin namin ito.

## **Bumalik sa itaas**

### **14. California - ang mga karapatan mo**

#### **Kung residente ka ng California:**

- Maaaring may mga partikular na karapatan ka sa ilalim ng California Consumer Privacy Act ("CCPA") tungkol sa personal mong data, kabilang ang:
  - Ang karapatang maabisuhan ng personal na data na aming kinokolekta, ginagamit, at pinoproseso para sa mga layuning nakalista sa seksiyon 4. Higit na detalye sa:
    - mga kategorya ng personal na data na nakolekta,
    - ang mga mapagkukunan kung para saan namin ito kinolekta,
    - ang negosyo o mga komersiyal na layunin ng pagkolekta,
    - pati na ang mga kategorya ng mga ikatlong partido kung kanino namin isisiwalat ang personal na data, ay nakalarawan sa loob ng Patakaran sa Pagkapribado na ito, bilang nasuplementuhan ng **Paunawa sa Pagkapribado ng Mamimili sa U.S. ng Wise**.
  - Ang karapatang hilingin ang mga partikular na piraso ng personal na data na nakolekta namin tungkol sa iyo sa labing-dalawang (12) buwan bago ang kahilingan mo;
  - Ang karapatang hilingin ang pagtanggap ng iyong personal na data na aming nakolekta;
  - Ang karapatang itama ang anumang maling impormasyon na hawak namin tungkol sa iyo;
  - Ang karapatang limitahan ang paggamit ng iyong sensitibong personal na impormasyon sa kung ano ang kailangan sa pagbibigay ng mga produkto o mga serbisyo;
  - Ang karapatang lumabas sa pagbebenta o pagbabahagi ng personal na impormasyon, subalit mangyaring tandaan na hindi nauugnay ang Wise sa pagbebenta ng personal na impormasyon ayon sa pinag-iisipan ng CCPA. Ayon sa detalyado sa Patakaran sa Pagkapribado na ito, ibinabahagi namin ang personal na impormasyon sa mga ibang negosyo para sa iba't ibang dahilan. Bagaman madalas kaming nakikinabang mula sa mga nasabing palitan, hindi kami

nagbabahagi ng personal na impormasyon para sa tanging layunin ng pagtanggap ng bayad para sa impormasyong iyon; at

- o Ang karapatan na hindi madiskrimina sa pagsasagawa ng alinman sa mga karapatang ito.

- Dapat alam mo na ang seksyong ito ay hindi mailalapat sa:

- o Personal na impormasyon na nasasaklawan ng ilang partikular sa sektor na mga batas sa pagkapribado, kabilang ang Gramm-Leach-Bliley Act at mga nagpapatupad na regulasyon nito, ang California Financial Information Privacy Act, at ang Driver's Privacy Protection Act of 1994; o

- o Ibang impormasyong sasailalim sa eksempsiyon ng CCPA.

- Ang mga Batas na "Shine the Light" at "Eraser": maaari kang humiling ng listahan ng mga ikatlong partido na maaar naming isiwalat ang partikular na impormasyon sa nakaraang taon para sa mga layunin sa direktang marketing ng mga ikatlong partidong iyon.

- Kung gusto mong humiling, mangyaring isumite ito sa pamamagitan ng pagsulat sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com), o sa kontakin kami sa +1-888-908-3833. Obligado kaming patunayan ang iyong pagkakakilanlan at awtorisado kang makatanggap ng impormasyong ito bago tuparin ang kahilingan mo.

### **Bumalik sa itaas**

## **15. Iba pang Hurisdiksiyon**

Maaaring may ilan kang karapatang tungkol sa impormasyong hawak namin tungkol sa iyo sa ilalim ng mga batas sa proteksyon ng data at pagkapribado. Pakikontak kami sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com) para sa higit pang impormasyon.

### **Bumalik sa itaas**

## **16. Mga ikatlong-partidong link**

Ang aming Mga Serbisyo, sa panapanahon, ay maaaring maglaman ng mga link sa mga website ng mga network ng aming kasosyo, mga advertiser at mga kasapi. Pakitandaan na ang mga website na ito ay may mga sarili nilang patakaran sa pagkapribado athindi kami tumatanggap ng anumang responsibilidad para dito, kaya kung sinundan mo ang isang link, suriin ang mga patakarang ito bago mo isumite ang anumang personal na data sa mga website na ito.

### **Bumalik sa itaas**

## **17. Mga Pagbabago sa aming Patakaran sa Pagkapribado**

Para masubaybayan ang pagbabago-bagong lehislasyon, pinakamahasag na kasanayan at mga pagbabago kung paano namin pinoproseso ang personal na impormasyon, maaari naming baguhin ang Patakarang ito anumang oras sa pamamagitan ng pag-post ng binagong bersyon sa website na ito. Para manatiling naka-update sa anumang mga pagbabago, pana-panahong balikan ito.

### **Bumalik sa itaas**

## **18. Kontakt**

**18.1** Mangyaring magpadala ng anumang tanong, komento o kahilingan tungkol sa Patakarang ito sa aming pangkat ng pagkapribado sa [privacy@wise.com](mailto:privacy@wise.com), kung saan maaari mo ring kontakin ang aming Data Protection Officer. Maaari ka ring sumulat sa amin o sa aming Data Protection Officer sa aming nakarehistrong tanggapan na mailalapat sa iyo, ayon sa nakalista sa Apendise.

**18.2** Kung sa tingin mo ay hindi namin sapat na natugunan ang iyong mga tanong o alalahanin, o sa tingin mo ay nalabag ang iyong proteksyon sa data o mga karapatan sa pagkapribado, maaari kang magreklamo

sa sinumang namamahalang awtoridad o ibang pambulikong lupon na may responsibilidad sa pagpapatupad ng mga batas sa pagkapribado, ayon sa nakalista sa Apendise.

### Bumalik sa itaasp

## Apendise - Mga Taga-kontrol ng Data

Country or Region	Entity	Registered Office and Details	Data Protection Authority
EEA	Taga-kontrol ng Data: Wise Europe SA	Rue du Trône 100, box 3, 1050 Brussels, Belgium  Numero ng pagpaparehistro sa Belgian Crossroads Bank para sa Mga Enterprises: 713.629.988	Belgian na Awtoridad sa Proteksyon ng Data <a href="http://www.dataprotectionauthority.be/">(www.dataprotectionauthority.be/)</a>  Mahahanap mo ang listaha ng mga ibang awtoridad sa proteksyon ng data ng EU at kanilang mga detalye sa pagkontak sa <a href="https://edpb.europa.eu/about-edpb/about-edpb/members_en">https://edpb.europa.eu/about-edpb/about-edpb/members_en</a>
UK	Taga-kontrol ng Data: Wise Payments Ltd.	6th Floor of The Tea Building, 56 Shoreditch High Street, London E1 6JJ  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 07209813  Numero ng pagpaparehistro sa Information Commissioner's Office ng UK (ICO): Z2976089	Information Commissioner's Office (ICO) <a href="http://www.ico.org.uk">www.ico.org.uk</a>
Hong Kong	Taga-kontrol ng Data: Wise Payments Ltd.	6th Floor of The Tea Building, 56 Shoreditch High Street, London E1 6JJ  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 07209813  Numero ng pagpaparehistro sa Information Commissioner's Office ng UK (ICO): Z2976089	Tanggapan ng Privacy Commissioner for Personal Data (PCPD) <a href="https://www.pcpd.org.hk/">(https://www.pcpd.org.hk/)</a>  Information Commissioner's Office (ICO) <a href="http://www.ico.org.uk">www.ico.org.uk</a>
Indonesia	Taga-kontrol ng Data: PT. Wise Payments Indonesia	GoWork, Plaza Indonesia Mall Lantai 5, Jl. M.H. Thamrin Kav. 28-30, Jakarta Pusat, 10350, Indonesia	Ministry of Communications and Informatics (kontak@kominfo.go.id)



Country or Region	Entity	Registered Office and Details	Data Protection Authority
		Numero ng kompanya 022107270863	
Timog Korea	Taga-kontrol ng Data: Wise Payments Ltd.	6th Floor of The Tea Building, 56 Shoreditch High Street, London E1 6JJ  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 07209813  Numero ng pagpaparehistro sa Information Commissioner's Office ng UK (ICO): Z2976089	Personal Information Protection Commission (PIPC) ( <a href="http://www.pipc.go.kr">www.pipc.go.kr</a> )  Information Commissioner's Office (ICO) ( <a href="http://www.ico.org.uk">www.ico.org.uk</a> )
Türkiye	Taga-kontrol ng Data: Wise Payments Ltd.	6th Floor of The Tea Building, 56 Shoreditch High Street, London E1 6JJ  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 07209813  Numero ng pagpaparehistro sa Information Commissioner's Office ng UK (ICO): Z2976089	Personal Data Protection Authority (KVKK) ( <a href="https://www.kvkk.gov.tr/en/">https://www.kvkk.gov.tr/en/</a> )  Information Commissioner's Office (ICO) ( <a href="http://www.ico.org.uk">www.ico.org.uk</a> )
UAE	Taga-kontrol ng Data: Wise Nuqud Ltd.	5-141, Level 15, Al Khatem Tower, ADGM Square, Al Maryah Island, Abu Dhabi, United Arab Emirates  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 2400	Abu Dhabi Global Market Registration Authority (ADGM) ( <a href="http://www.adgm.com/registration-authority">www.adgm.com/registration-authority</a> )
USA	Wise US Inc.	108 West 13th Street, Wilmington, New Castle, Delaware, 1980119  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 5035680	Federal Trade Commission (FTC) ( <a href="http://www.ftc.gov/">www.ftc.gov/</a> )
Canada	Wise Payments Canada Inc.	99 Bank Street Suite 1420 Ottawa ON K1P 1H4, Canada	Office of the Privacy Commission of Canada (OPC) ( <a href="http://www.priv.gc.ca/en/">www.priv.gc.ca/en/</a> )

Country or Region	Entity	Registered Office and Details	Data Protection Authority
		Ontario Corporate Number (OCN): 1938181	
Brazil	1. Taga-kontrol ng Data: Wise Payments Ltd.	1. 6th Floor of The Tea Building, 56 Shoreditch High Street, London E1 6JJ	1. Information Commissioner's Office (ICO) ( <a href="http://www.ico.org.uk">www.ico.org.uk</a> )
	***	Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 07209813	***
	2. Taga-kontrol ng Data: Wise Brasil Corretora de Câmbio Ltda	Numero ng pagpaparehistro sa Information Commissioner's Office ng UK (ICO): Z2976089	2 & 3. Brazilian na awtoridad sa proteksyon ng data (ANPD) ( <a href="http://www.gov.br/anpd/pt-br">www.gov.br/anpd/pt-br</a> )
	***	Tumatakbo bilang nakarehistrong entidad para sa mga serbisyo sa card ng maramihang currency na wala sa Brazilian Real	
	Ang "taong namamahala" ay ang taong responsable sa pamamahala sa channel ng komunikasyon sa iyo. Para sa mga layunin ng patakarang ito, ang Wise Data Protection Officer ay ang "taong namamahala" at makokontak mo siya sa pamamagitan ng email sa <a href="mailto:privacy@wise.com">privacy@wise.com</a> .	*** 2. Alameda Rio Claro, 241 - 5th floor, Bela Vista, São Paulo, SP 01332-010, Brazil	
		CNPJ (numero ng I.D. ng buwis): 36.588.217/0001-0	
		Nakarehistro sa Central Bank of Brazil bilang pinansiyal na institusyong awtorisadong tumakbo sa merkado ng banyagang palitan	
		***	
		3. Alameda Rio Claro, 241 - 5th floor, Bela Vista, São Paulo, SP 01332-010, Brazil	
		CNPJ (numero ng I.D. ng buwis): 40.571.694/0001-31	
		Isang tagapagbigay ng electronic na pera sa ilalim ng Payment Institution Regulation ng Brazil at responsable para sa	

Country or Region	Entity	Registered Office and Details	Data Protection Authority
		Brazilian Real Wise account at Wise multi-currency card	
Australia	Wise Australia Pty Ltd.	<p>care of TMF Corporate Services (Aust) Pty Ltd Suit 1, Level 11 66-68 Goulburn Street Sydney NSW 2000 Australia</p> <p>Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 616 463 855</p> <p>Ang Wise Australia Pty Ltd ay may hawak na Australian Financial Services licence (AFSL: 513764) na ibinigay ng Australian Securities &amp; Investments Commission (ASIC)</p> <p>Tayo rin ay isang tagapagbigay ng Pasilidad sa Biniling Pagbabayad na awtorisado ng Australian Prudential Regulation Authority (APRA)</p>	<p>Tanggapan ng Australian Information Commissioner (OAIC) (<a href="http://www.oaic.gov.au/">www.oaic.gov.au/</a>)</p>
India	<p>Wise Payments India Private Limited</p> <p>***</p> <p>Vaho Forex Private Limited</p>	<p>Level 7, B wing, The Capital, G-Block Bandra Kurla Complex, Bandra (East) Mumbai, Mumbai City MH 400051 India</p> <p>Numerong pagkakakilanlan ng korporasyon: U74999MH2016FTC274395</p> <p>***</p> <p>4/55WEA Saraswatil Marg Karol Bagh, New Delhi DL 110005 IN</p>	N/A
Japan	<p>Operator ng Negosyo na Namamahala ng Personal na Impormasyon:</p>	<p>2-13-12, Nihonbashi, Chuo-ku, Tokyo, 103-0027</p> <p>Numero ng korporasyon: 4011001100453</p>	<p>Personal Information Protection Commission (PPC) (<a href="http://www.ppc.go.jp/en/index.html">www.ppc.go.jp/en/index.html</a>)</p>

Country or Region	Entity	Registered Office and Details	Data Protection Authority
	Wise Payments Japan K.K.		
Singapore	Wise Asia-Pacific Pte. Ltd.	Paya Lebar Link, #13-06, Singapore 408533  Bukod-tanging numero ng entidad: 201422384R	Personal Data Protection Commission (PDPC) <a href="http://www.pdpc.gov.sg/">(www.pdpc.gov.sg/)</a>
Philippines	Taga-kontrol ng Personal na Impormasyon: Wise Pilipinas Inc. <b><u>Sertipiko ng rehistrasyon</u></b>	WeWork 30th Floor, Yuchengco Tower, RCBC Plaza, 6819 Ayala Ave., Bel-Air, Makati City 1226  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 2021050013817-03	National Privacy Commission (NPC) <a href="http://www.privacy.gov.ph/">(www.privacy.gov.ph/)</a>
Malaysia	Gumagamit ng Data: Wise Payments Malaysia Sdn. Bhd.	WeWork Mercu 2, Level 40, No.3, Jalan Bangsar, Kampung Haji Abdullah Hukum, 59200 Kuala Lumpur, Wilayah Persekutuan Kuala Lumpur  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 201701025297	Department of Personal Data Protection (PDP) <a href="http://www.pdp.gov.my/">(www.pdp.gov.my)</a>
New Zealand	Ahensiya: Wise Payments Ltd.	New Zealand: Suite 5455, 17b Farnham Street, Parnell, Auckland, 1052, NZ  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 9429041103456  UK: 6th Floor of The Tea Building, 56 Shoreditch High Street, London E1 6JJ  Numero ng pagpaparehistro ng kompanya: 07209813  Numero ng pagpaparehistro sa Information	Tanggapan ng Privacy Commissioner of New Zealand (OPC) <a href="http://www.privacy.org.nz/">(www.privacy.org.nz/)</a>  Information Commissioner's Office (ICO) <a href="http://www.ico.org.uk/">(www.ico.org.uk)</a>

**Country  
or Region**

**Entity**

**Registered Office and  
Details**

**Data Protection Authority**

Commissioner's Office ng  
UK (ICO): Z2976089

### Bumalik sa itaas

Sakaling may pagkakaiba sa pagitan ng patakaran sa pagkapribado na ito at sa Ingles na bersiyon, mananaig ang Ingles na bersiyon.

## **7WISE**

### Company and team

[Company and team](#)

[Press](#)

[Careers](#)

[Service status](#)

[Investor relations](#)

[Mission roadmap](#)

[Affiliates and partnerships](#)

[Help centre](#)

[Accessibility](#)

### Wise Products

[International money transfer](#)

[Wise account](#)

[International debit card](#)

[Travel money card](#)

[Large amount transfer](#)

[Receive money](#)

[Wise Platform](#)

[Business debit card](#)

[Mass payments](#)

### Resources

[Research privacy policy](#)

[Currency converter](#)

[International stock ticker](#)

[Swift/BIC codes](#)

[IBAN codes](#)

[Rate alerts](#)

[Compare exchange rates](#)

### Follow us



[Legal](#)  
[Cookie Policy](#)  
[Country site map](#)

[Privacy policy](#)  
[Complaints](#)  
[Modern slavery statement](#)

© Wise Payments Limited 2024

[Wise Pilipinas Inc.](#) is licensed by the Bangko Sentral Ng Pilipinas (BSP) as a Remittance and Transfer Company (RTC) with a Type "C" Electronic Money Issuer (EMI) / Money Changing (MC) / Foreign Exchange Dealing (FXD) registration with institution code 53-0044-00-000.